# Badyet 2024: Pagpapanatili ng kalamangan ng ekonomiya ng Alberta

Pebrero 29, 2024

Ang plano sa pananalapi ng pamahalaan ng Alberta para sa susunod na taon ay gumagawa ng malaking mga pamumuhunan upang mapalago at pag-iba-ibahin ang ekonomiya.

"Ang Badyet 2024 ay muling nagpapatibay sa aming pangako na pag-iba-ibahin, akitin ang bagong pamumuhunan at magbigay ng mas maraming mga trabaho."
*Nate Horner, Ministro ng Pananalapi*

Linampasan na ng Alberta ang laki nito sa ekonomiya ng Canada. Mahigit sa 22 porsiyento ng lahat ng mga trabahong nalikha sa Canada noong nakaraang taon ay nasa Alberta, na mayroon lamang 12 porsiyento ng populasyon. Ang Alberta ay mayroon ding pinakamataas na lingguhang kita at pinakamababang buwis at nag-aalok ng maraming mga insentibo sa mga bagong dating.

Upang palawakin ang mga kalamangan na ito, ipinakilala ng Badyet 2024 ang Alberta is Calling na pang-akit na bonus, isang $5,000 na naibabalik na kredito sa buwis upang maakit ang mga manggagawa sa mga dalubhasang kalakalan. Isang kabuuang $10 milyon ang ibibigay.

Sinusuportahan ng Badyet 2024 ang paglaki ng mga komunidad na may $724 milyon na pagpopondo sa munisipal na imprastraktura at ang bagong Kaloob sa Lokal na Pag-unlad at Pagpapanatili (Local Growth and Sustainability Grant), na mayroong $60 milyon para sa mga espesyal na pangangailangan sa mga komunidad.

Upang matugunan ang mga kakulangan sa trabaho, ang plano sa pananalapi ay nagdaragdag ng $100 milyon para sa 3,200 na mga bagong espasyo sa mga programa ng pag-aprentis.

Ang isa pang $361 milyon ay upang magtayo at pahusayin ang mga paaralang pangkalakal, mga kolehiyo, at mga unibersidad.

At para sa mga magulang ng nakababatang mga bata, ang badyet ay may $1.5 bilyon para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng bata, isang pagtaas na $200 milyon.

**Mga katanungan sa media**

Savannah Johannsen
savannah.johannsen@gov.ab.ca
780-686-3521
Kalihim ng Press, Lupon ng Tesorerya at Pananalapi

Pag-uuri: Protektado A